The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 5, May 2026, pp. 180-194
https://doi.org/10.5281/zenodo.20088680

The International Review of Multidisciplinary Research
Advancing knowledge through quality research

# Kabisaan ng Lokalisado at Kontekstwalisadong Tekstong Pampagbasa sa Pagpapaunlad sa Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Mataas na Pambansang Paaralan ng San Andres

**[1]Raul B. Obciana Jr., [2]Leodegario M. Jalos Jr.**
[1]Department of Education, [2]Marinduque State University
[1]rauljr.obciana@deped.gov.ph, [2]leodegariojalos74@gmail.com

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 17 Abril 2026
Binago: 23 Abril 2026
Tinanggap: 26 Abril 2026
Nailathala: 8 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
rauljr.obciana@deped.gov.ph

**Inirerekomendang Sipi:**

Obciana, R. B. Jr., Jalos, L. M. Jr. (2026). Kabisaan ng Lokalisado at Kontekstwalisadong Tekstong Pampagbasa sa Pagpapaunlad sa Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Mataas na Pambansang Paaralan ng San Andres. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (5), 180-194. https://doi.org/10.5281/zenodo.20088680

**Mga Terminong Indeks:**

lokalisado at kontekstuwalisadong teksto, pag-unawa sa binasa, kasanayan sa pagbasa, ikapitong baitang, kagamitang pampagkatuto, pagtuturong kontekstwalisado, pedagohiyang lokal, quasi-eksperimental na pananaliksik, mag-aaral sa ikapitong baitang, interbensyon sa pagbasa.

**Abstrak.** Ang mababang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay nananatiling suliranin sa maraming paaralan, lalo na kung ang mga kagamitang pampagkatuto ay hindi nakaugnay sa kanilang lokal na karanasan at kultura. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabisaan ng lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng San Andres National High School para sa taong panuruang 2025–2026. Ginamit ang quasi-experimental design na may dalawang pangkat: eksperimental na ginamitan ng mga materyales na nakabatay sa lokal na konteksto at kontrol na gumamit ng tradisyonal na materyales. Sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit, sinuri ang antas ng kasanayan sa pagbasa. Ginamit ang mean, standard deviation, at paired samples t-test sa pagsusuri ng datos. Ipinakita ng resulta na ang eksperimental na pangkat ay tumaas mula 16.41 sa paunang pagsusulit hanggang 31.07 sa panapos na pagsusulit, mula sa Frustration Level patungong Instructional Level. Samantala, ang kontrol na pangkat ay bahagyang bumaba mula 14.93 hanggang 14.29 at nanatili sa Frustration Level. Lumabas din na may makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panapos na pagsusulit ng eksperimental na pangkat ($p = 0.000$), samantalang walang makabuluhang pagkakaiba sa kontrol na pangkat ($p = 0.671$). Napatunayang epektibo ang paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong materyales sa pagpapataas ng pag-unawa sa binasa. Kaya inirerekomenda ang integrasyon nito sa kurikulum upang higit na mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at maiugnay ang mga aralin sa buhay, karanasan, at kultura ng mga mag-aaral.

## Panimula

Ang pagbabasa ay pundasyon ng pagkatuto at mahalagang kasanayan sa paghubog ng kaisipan, paglinang ng wika, at pag-unawa sa mundo. Sa larangan ng edukasyon, ang mataas na antas ng pag-unawa sa binasa ay mahalaga upang mapabuti ang pagganap akademiko, kritikal na pag-iisip, at panghabambuhay na pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling malaking hamon sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas ang mababang antas ng reading comprehension, lalo na sa antas ng Junior High School. Ipinakita ng mga resulta ng pambansa at pandaigdigang pagsusulit na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapang umunawa sa tekstong kanilang binabasa, na nagpapakita ng pangangailangang palakasin ang literasiya sa bansa.

Ipinakita ng mga naunang pag-aaral na ang kakulangan ng ugnayan ng mga babasahin sa karanasan, kultura, at wikang ginagamit ng mga mag-aaral ay isa sa mga dahilan ng mababang interes at pag-unawa sa pagbasa. Maraming pananaliksik ang nagpatunay na ang paggamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong materyales ay nakapagpapataas ng pag-unawa sa binasa, motibasyon, at partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa iba't ibang baitang, napatunayang mas epektibo ang mga tekstong may kaugnayan sa lokal na konteksto kaysa sa tradisyonal na kagamitang pampagtuturo.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Bagama't magkakatulad ang karamihan sa resulta ng mga pag-aaral, kapansin-pansin na karamihan sa mga ito ay isinagawa sa ibang antas ng pag-aaral. Limitado rin ang mga pag-aaral na isinagawa sa mga pampublikong paaralan sa mga lokal na komunidad, partikular sa Junior High School. Dahil dito, nananatiling kulang ang empirikal na ebidensya hinggil sa bisa ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa para sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

Mahalagang matugunan ang puwang na ito sapagkat isinusulong ng MATATAG Kurikulum at ng mga programang pangbasa ng Kagawaran ng Edukasyon ang paggamit ng mga materyales na angkop sa konteksto ng mga mag-aaral. Napapanahon ang pag-aaral na ito dahil sa patuloy na pangangailangang mapataas ang antas ng literasi at functional literacy ng mga Pilipino.

Kaugnay nito, sinasagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod na mga tanong: (1) Ano ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong baitang gamit ang mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa? (2) Ano ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang na hindi ginamitan ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa? (3) May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na ginamitan at hindi ginamitan ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa? (4) Anong programang pampagtuturo na nakatuon sa paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong materyales ang maaaring mabuo ng mananaliksik batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral?

Layunin ng pag-aaral na matukoy ang kabisaan ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Mataas na Pambansang Paaralan ng San Andres.

## Metodolohiya

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng Quasi-Experimental Design upang masukat ang kabisaan ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng San Andres National High School.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng dalawampu't walong (28) mag-aaral na kabilang sa frustration level sa pagbasa, batay sa resulta ng Phil-IRI (Philippine Informal Reading Inventory). Ang mga mag-aaral na ito ay nagmula sa labing-apat (14) na seksyon ng ikapitong baitang, subalit hindi magkakapareho ang dami ng nasa frustration level sa bawat seksyon. Upang matiyak na bawat seksyon ay may kinatawan sa pag-aaral, ginamit ang Stratified Random Sampling. Sa paraang ito, hinati ang mga mag-aaral ayon sa kanilang seksyon bilang mga estrata, at mula sa bawat estrata ay random na pinili ang mga kalahok na kabilang sa eksperimental at kontrol na pangkat.

Ang eksperimental na pangkat ay gumamit ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa na inihanda ng mananaliksik, samantalang ang kontrol na pangkat ay gumamit ng mga babasahin o kuwento mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Bago simulan ang interbensiyon, ang parehong pangkat ay sumailalim sa pre-test, at pagkatapos ng apat (4) na linggong pagtuturo ay isinagawa ang post-test upang masukat ang antas ng pag-unawa sa binasa bago at matapos ang interbensiyon.

Ang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ng dalawang pangkat ay sinuri sa pamamagitan ng paired sample t-test upang matukoy kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nasukat ang kabisaan ng mga materyales sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa at nakabuo ng matibay na batayan kung ang lokalisado at kontekstuwalisadong teksto ay mas epektibong kasangkapan sa pagtuturo kumpara sa karaniwang materyales

*Lokasyon ng Pananaliksik*

Isinagawa ang pag-aaral sa Mataas na Pambansang Paaralan ng San Andres na matatagpuan sa Fernandez Street, Barangay Poblacion sa Bayan ng San Andres, Quezon., sa ilalim ng Schools Division of Quezon Province. Ang SANHS ay nasa bansang Pilipinas, sakop ng Rehiyon 4-A ng Luzon at nabibilang sa Ikatlong Congressional District ng Quezon at Dibisyon ng Quezon.

Ang paaralang ito ay isa sa mga pinakamalaking pampublikong paaralan na matatagpuan sa San Andres. Pinili ito dahil sa pagiging aktibong kalahok sa implementasyon ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) na isinagawa ng Department of Education upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kilala rin ang paaralan sa pangunguna sa iba't ibang larangan. Ito ay dahil sa ipinakitang husay ng mga guro at mag-aaral sa mga patimpalak na pambuong rehiyon. Gayunpaman, sa ginawang pagpapabasa ng mga guro sa Filipino, may mga mag-aaral na naitalang nahihirapan na unawain ang kanilang binasa. Ito ang naging dahilan ng mananaliksik upang isagawa ang pananaliksik.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, natugunan ng mananaliksik ang suliranin sa pagbasa upang mapaunlad ang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa ikapitong baitang.
Makikita sa talaguhitan 1 ang mapa at lokasyon ng paaralang San Andres National High School.




Talaguhitan 1. Mapa ng Paaralang San Andres National High School

*Populasyon at Sampol ng Pananaliksik*

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng anim na raan at tatlumpu't anim (636) na mag-aaral sa ikapitong baitang ng SANHS para sa taong panuruan 2025–2026. Mula sa kabuuang populasyon, tinukoy ang dalawampu't walong (28) mag-aaral na kabilang sa antas na frustrated batay sa opisyal na resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) sa asignaturang Filipino.

Ang mga kalahok ay nagmula sa labing-apat (14) na seksyon ng ikapitong baitang. Sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang Stratified Random Sampling upang matiyak na ang bawat seksyon ay may sapat na representasyon. Matapos matukoy ang mga kwalipikadong mag-aaral sa bawat strata, isinagawa ang fishbowl method bilang teknik sa random na pagpili. Sa paraang ito, ang mga pangalan ng mga mag-aaral ay isinulat sa magkakaparehong papel, inilagay sa isang lalagyan, at isa-isang binunot hanggang makumpleto ang kinakailangang bilang ng kalahok.

Ang napiling dalawampu't walong (28) kalahok ay hinati sa dalawang (2) pangkat: ang eksperimental na pangkat at ang kontrol na pangkat, na kapwa binubuo ng tig-labing-apat (14) na mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat ay ginamitan ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa, samantalang ang kontrol na pangkat ay gumamit ng tradisyonal o di-kontekstuwalisadong mga babasahin. Ang paghahati ng mga kalahok sa dalawang pangkat ay isinagawa sa paraang random upang matiyak ang pagiging patas at maiwasan ang pagkiling, gayundin upang magkaroon ng balanseng distribusyon batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa.

| Pangkat ng Baitang 7 | Kabuoang Bilang ng Mag-aaral | Bilang ng Mag-aaral na nasa Frustration Level |
|---|---|---|
| AMU | 45 | 2 |
| PPM | 46 | 3 |
| MBB | 47 | 1 |
| JELN | 42 | 3 |
| HMFP | 43 | 1 |
| CCC | 47 | 1 |
| JST | 47 | 2 |
| JBR | 45 | 1 |
| JMP | 45 | 1 |
| MAM | 47 | 2 |
| RRLM | 47 | 2 |
| RVN | 45 | 3 |
| MLF | 45 | 2 |
| CEV | 45 | 4 |
| **Kabuoan** | **636** | **28** |

*Talahanayan 1. Bilang ng Respondente sa Bawat Pangkat*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Instrumento ng Pananaliksik*

Ang instrumentong ginamit ng pananaliksik ay binuo ng mananaliksik na mga lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa upang paunlarin ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang resulta ng isinagawang Phil-IRI Reading Comprehension Test ay ginamit upang matukoy ang antas ng kasanayan bago gamitin ang binuong instrumento ng mananaliksik. Ang Phil-IRI ay isang standardisadong pambansang pagsusuri na ginagamit ng Kagawaran ng Edukasyon upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa at upang matukoy kung sila ay nasa antas na independent, instructional, o frustrated. Mula sa resulta nito, pinili ang mga mag-aaral na nasa frustrated level bilang mga kalahok sa pag-aaral.

Ang mga lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa na ginamit sa interbensiyon ay orihinal na binuo ng mananaliksik batay sa umiiral na dokumento ng lugar upang mabuo ang instrumento. Ang mga tekstong ito ay iniayon sa kultura, wika, kinagisnang kapaligiran, lokal na pamumuhay, at karanasan ng mga mag-aaral sa San Andres, Quezon upang matiyak na ang nilalaman ay malapit sa kanilang karanasan at dating kaalaman. Ang layunin nito ay linangin ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa gamit ang mga sitwasyong pamilyar sa mga mag-aaral bilang sandigan sa konstruksyon ng kahulugan.

Matapos ang apat (4) na linggong interbensiyon, kung saan ang eksperimental na pangkat ay tinuruan gamit ang lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa samantalang ang kontrol na pangkat ay gumamit ng mga babasahin o kuwento mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas, isinagawa ang post-test na idinisenyo ng mananaliksik upang masukat ang epekto ng paggamit nito sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sinukat nito ang sumusunod na aspekto ng reading comprehension: literal, inferential, critical, at applied comprehension.

*Pamamaraan ng Pananaliksik*

Ang panimulang yugto ng pananaliksik ay pormal na isinagawa noong Oktubre 2025, kung saan sinimulan ng mananaliksik ang konseptuwalisasyon, pagsulat, at pagdisenyo ng mga kinakailangang instrumento at materyales. Dumaan ang pag-aaral sa ilang mahahalagang yugto upang matiyak ang sistematiko at epektibong pagpapatupad ng bawat bahagi ng proseso.

Una, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa Punong-Guro ng San Andres National High School at sa Schools Division Superintendent ng Quezon Province upang maisagawa ang pananaliksik. Nagpadala rin ng liham-pahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral upang ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral at humingi ng kanilang pagsang-ayon.

Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, isinagawa ang pagpili ng mga respondente batay sa resulta ng Phil-IRI Reading Comprehension Test. Ang dalawampu't walong (28) mag-aaral na nasa frustrated level na mula sa ikapitong baitang ay hinati sa dalawang pangkat: ang eksperimental at ang kontrol na pangkat. Ang dalawang pangkat ay sumailalim sa pre-test gamit ang isinaayos at ginawang lokalisado at kontekstuwalisadong teksto na dinesenyo ng mananaliksik upang matukoy ang kanilang panimulang antas ng pag-unawa sa binasa.

Bago isagawa ang interbensiyon, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagbuo at pagpapa-evaluate ng mga materyales. Ang mga lokalisado at kontekstuwalisadong babasahin ay inihanda batay sa kultura, karanasan, at interes ng mga mag-aaral sa San Andres. Upang matiyak ang kalidad at kaugnayan ng mga materyales, ang mga ito ay ipinasa sa isang Master Teacher sa Filipino at English, English Head Teacher, at Master Teacher II ng San Andres National High School, gayundin sa isang local tourism officer. Sila ay nagsagawa ng masusing pagsusuri sa nilalaman, kaangkupan, at pagiging makabuluhan ng teksto. Ang mga puna at mungkahi mula sa kanila ay ginamit upang pagbutihin at i-finalize ang mga babasahin bago gamitin sa interbensiyon.

Ang aktwal na implementasyon ng interbensiyon ay isinagawa mula Pebrero 2 hanggang Pebrero 27, 2026, na tumagal ng apat (4) na linggo. Sa panahong ito, ang mga kalahok ay dumalo sa tatlong sesyon bawat linggo, at ang bawat sesyon ay tumagal ng humigit-kumulang animnapung (60) minuto. Ang eksperimental na pangkat ay gumamit ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa, samantalang ang kontrol na pangkat ay gumamit ng mga babasahin o kuwento mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Pagkalipas ng apat na linggo, ang dalawang pangkat ay sumailalim sa post-test upang masukat ang pagbabago sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa.

Ang mga marka mula sa pre-test at post-test ay kinolekta, iprinoseso, at sumailalim sa pagsusuri upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng dalawang pangkat. Sa pamamagitan ng sistematikong prosesong ito, layunin ng pag-aaral na masukat ang kabisaan ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Pagsusuring Estadistika

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Ang mga nakalap na datos ay sinuri sa pamamagitan ng mga sumusunod na estadistika upang masukat ang bisa ng interbensiyon. Ginamit sa pag-aaral ang mean, standard deviation, at paired sample t-test upang masuri ang antas ng kasanayan sa pagbasa at ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat.

Para sa suliranin 1 at 2, ang mean ay kinalkula upang matukoy ang karaniwang marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test.

Para naman sa Suliranin 3 upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat, ginamit ang paired sample t-test

Samantala, ang antas ng kahalagahan ay itinakda sa $\alpha = 0.05$. Kapag ang p-value ay mas mababa sa 0.05, tatanggihan ang null hypothesis at tatanggapin ang alternative hypothesis na nagsasaad na may makabuluhang positibong epekto ang paggamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Ginamit bilang basehan ang talahanayan sa ibaba sa pagbibigay-kahulugan sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

| Score Range | Rating | Range (Mean) | Bahagdan | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 32 – 40 | 3 | 2.34 – 3.00 | 80% - 100% | Independent |
| 24 – 31 | 2 | 1.67 – 2.33 | 59% - 79% | Instructional |
| 0 – 23 | 1 | 1.00 – 1.66 | 58% - Below | Frustration |

*Talahanayan 2. Pagpapakahulugan sa Antas ng Pag-unawa sa Binasa*

*Mga Etikal na Pagsasaalang-alang*

Isinagawa ang pananaliksik na ito alinsunod sa mga umiiral at kinikilalang pamantayang etikal sa larangan ng pananaliksik na pang-edukasyon upang matiyak ang lubos na pangangalaga sa mga karapatan, kapakanan, at dangal ng lahat ng kalahok. Bago ang aktuwal na pagpapatupad ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi ng opisyal na pahintulot mula sa mga kinauukulang awtoridad ng paaralan at sa Research Ethics Committee (REC) ng Marinduque State University. Sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik, mahigpit na sinunod ang mga pangunahing prinsipyong etikal na kinapapalooban ng paggalang sa dignidad at awtonomiya ng tao (respect for persons), pagsusulong ng kabutihang panlahat (beneficence), at katarungan (justice), mula sa pagpili ng mga kalahok hanggang sa masusing pagsusuri, interpretasyon, at pag-uulat ng mga datos.

Dahil ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikapitong baitang na kabilang sa sektor ng mga menor de edad, isinagawa ang pagkuha ng informed consent mula sa kanilang mga magulang o legal na tagapag-alaga bilang paunang rekisito sa kanilang paglahok. Kalakip nito, humingi rin ng assent mula sa mga mag-aaral upang matiyak na sila ay may sapat na antas ng pagkaunawa sa layunin ng pananaliksik, mga pamamaraang ipatutupad, at ang kanilang inaasahang gampanin bilang mga kalahok. Ang mga dokumento ng pahintulot at pagsang-ayon ay naglahad ng malinaw, tumpak, at komprehensibong impormasyon hinggil sa mga layunin ng pag-aaral, mga gawaing kasangkot, inaasahang tagal ng partisipasyon, at mga karapatan ng mga kalahok, kabilang ang karapatang tumanggi o kusang umatras sa pananaliksik sa alinmang yugto nang walang kaakibat na parusa o masamang implikasyon.

Ang paglahok sa pananaliksik ay isinagawa sa ganap na boluntaryong batayan at walang ginamit na anumang anyo ng pamimilit, presyur, o hindi angkop na impluwensiya mula sa mananaliksik o sinumang may awtoridad. Malinaw na ipinaabot sa mga kalahok na ang kanilang desisyon na lumahok o umatras sa pag-aaral ay hindi makaaapekto sa kanilang marka, akademikong katayuan, o ugnayan sa mga guro at administrador ng paaralan. Ang ganitong katiyakan ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang kapaligiran ng pagtitiwala at upang igalang ang kalayaan at awtonomiya ng mga kalahok sa paggawa ng desisyon.

Idinisenyo ang pag-aaral upang magdulot lamang ng minimal na panganib sapagkat ang mga gawain ay limitado sa mga pagtatayang pampagbasa at mga interbensiyong panturo na bahagi ng karaniwang praktikang pampaaralan. Ang anumang posibleng hindi kanais-nais na karanasan, gaya ng pansamantalang pagkapagod na maaaring idulot ng mga gawaing pagbasa, ay tutugunan sa pamamagitan ng maayos na transisyon ng mga gawain, pagbibigay ng sapat na oras, at pagpapahintulot ng kinakailangang pahinga. Tiniyak ng mananaliksik na ang kapaligiran ng pagkatuto ay nananatiling ligtas, suportado, at hindi nagbabanta, at walang inaasahang pisikal, sikolohikal, o emosyonal na pinsala sa mga kalahok sa buong panahon ng pananaliksik sa pamamagitan ng paghingi ng gabay mula sa mga Guidance Advocate ng paaralan.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Mahigpit na ipinatupad ang mga hakbang upang mapanatili ang pagiging lihim at pagkakakilanlan ng mga kalahok sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik. Hindi isinama ang mga personal na impormasyong makapagtutukoy ng identidad ng mga kalahok sa alinmang instrumento, talaan, o ulat ng pananaliksik, at gumamit ng mga kodigo bilang kapalit ng mga pangalan. Ang lahat ng nakalap na datos ay ligtas na itatago sa mga elektronikong file na may proteksiyong password at eksklusibong inaccess ng mananaliksik.

Isinaalang-alang din sa pag-aaral ang prinsipyo ng katarungan sa pagtrato sa lahat ng kalahok. Ang pagtatalaga ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay isinagawa sa paraang sumusunod sa mga etikal at akademikong konsiderasyon upang matiyak ang patas at makatarungang partisipasyon. Parehong patuloy na nakatanggap ng angkop, sapat, at de-kalidad na pagtuturong pampagbasa na nakaayon sa kurikulum ng paaralan ang dalawang pangkat upang matiyak na walang sinumang kalahok ang mapagkaitan ng oportunidad sa pagkatuto bilang bunga ng pananaliksik.

Pinanatili ng mananaliksik ang mataas na antas ng integridad akademiko at obhetibidad sa lahat ng yugto ng pananaliksik. Ang pangangalap, pagsusuri, at pag-uulat ng mga datos ay isinagawa nang tapat, sistematiko, at wasto, nang walang anumang uri ng manipulasyon, o maling representasyon ng impormasyon. Ang lahat ng sanggunian at pinagmulan ng datos ay wastong kinilala alinsunod sa pamantayang akademiko upang maiwasan ang plagyaryismo. Higit pa rito, malinaw na ipinahayag ng mananaliksik na wala siyang personal, pinansyal, o pagkakaroon ng personal na interes na maaaring makaapekto sa disenyo, pagpapatupad, o kinalabasan ng pag-aaral. Bagama't ang mananaliksik ay kabilang sa parehong institusyong pang-edukasyon ng mga kalahok, ipinatupad ang lahat ng nararapat na hakbang upang mapanatili ang obhetibidad, pagiging lihim ng datos, at ganap na boluntaryong paglahok ng mga kalahok.

Tiniyak ng mananaliksik na walang anumang pinansyal, propesyonal, o personal na ugnayan na maaaring makita o mabigyang-kahulugan na makaaapekto sa pagiging obhetibo, integridad, o pagiging patas sa pagsasagawa at pag-uulat ng resulta ng pag-aaral na ito. Isinagawa ang pananaliksik na ito para lamang sa layuning pang-akademiko bilang bahagi ng mga kinakailangan sa kursong Master of Arts in Education, major in Language Teaching sa Marinduque State University. Walang personal, pinansyal, o propesyonal na pakinabang na makukuha mula sa partisipasyon ng mga respondente, maliban sa ambag nito sa kaalamang pang-akademiko at pagpapabuti ng edukasyon

## Resulta at Talakayan

*Unang bahagi: Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-Aaral sa Ikapitong Baitang Gamit ang mga Lokalisado at Kontekstwalisadong Materyales sa Pagbasa*

**Paunang Pagsusulit (Eksperimental)**

| Score Range | N | % (Population) | Mean Score | Mean Percentage | Mean Rate | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 - 30 | 2 | 14% | 16.41 | 41.03% | 1.14 | ***Frustration Level*** |
| 11 - 20 | 12 | 86% | | | | |

**Panapos na Pagsusulit (Eksperimental)**

| Score Range | N | % (Population) | Mean Score | Mean Percentage | Mean Rate | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 31 - 40 | 6 | 43% | 31.07 | 77.68% | 2.77 | *Instructional Level* |
| 21 - 30 | 8 | 57% | | | | |

*Legend*

| ***Score Range*** | ***Rating*** | ***Range (Mean)*** | ***Percentage*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|
| *32 – 40* | *3* | *2.34 – 3.00* | *80% - 100%* | *Independent* |
| *24 – 31* | *2* | *1.67 – 2.33* | *59% - 79%* | *Instructional* |
| *0 – 23* | *1* | *1.00 – 1.66* | *58% - Below* | *Frustration* |

*Talahanayan 3. Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang gamit ang mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa.*

Batay sa Talahanayan 3, ipinapakita nito na bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay nasa Frustration Level, na may mean score na 16.41 sa paunang pagsusulit at mean rate na 1.14. Karamihan sa mga mag-aaral ay nakapagtala ng iskor na 11–20 o walumpu't anim na bahagdan (86%), na nagpapahiwatig na bagama't mayroon nang kaalaman sa pagbabasa, nangangailangan pa rin sila ng karagdagang interbensyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan.

Matapos ang paggamit ng mga lokalisado at kontekstwalisadong materyales, ang mean score ng eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit ay tumaas sa 31.07, na mahigit pitumpu't pitong bahagdan (77%) na mean percentage. Umakyat

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

ito sa antas na Instructional Level. Sa panapos na pagsusulit, 43% ng mga mag-aaral ay nakapagtala ng iskor na 31–40, habang limampu't pitong bahagdan (57%) ay nasa 21–30 na iskor, na nagpapatibay na ang mga lokal na materyales ay may positibong epekto sa kanilang pag-unawa sa binasa.

Ang halos pagdoble ng kabuuang iskor (mula sa mean rate na 1.14 patungong 2.77 na mean rate) ay malinaw na indikasyon ng positibong epekto ng interbensyon. Ipinapakita ng resulta na ang paggamit ng mga babasahing nakaangkla sa lokal na konteksto ay nakatulong sa mas malinaw at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong kanilang binasa. Bukod dito, ipinapakita ng datos na ang ganitong pamamaraan ay hindi lamang nagdudulot ng pansamantalang pagtaas sa marka kundi nagkakaroon din ng positibong epekto sa kanilang interes at motibasyon sa pagbabasa. Ang pagtaas ng *mean score* ay maaaring maiugnay sa mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral at mas malalim na pagproseso ng impormasyon dahil higit nilang nakikita ang halaga ng binabasa sa kanilang buhay.

Ang resultang ito ay maipapaliwanag sa lente ng Scheme Theory ni Anderson (1984), na nagsasaad na ang pag-unawa ay higit na napauunlad kapag ang bagong kaalaman ay naiuugnay sa umiiral na karanasan at kaalaman ng mambabasa. Sa kontekstong ito, ang paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong teksto ay nagsilbing kognitibong tulay na nagpadali sa pagbuo ng kahulugan ng mga mag-aaral, sapagkat ang nilalaman ng teksto ay nakaangkla sa kanilang sariling realidad.

Higit pa rito, ang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral ay umaayon sa mga empirikal na pag-aaral nina Rafael at Tamban (2022) at Acedillo (2023), na kapwa nag-ulat ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa sa paggamit ng lokalisado at kontekstwalisado na materyales. Gayundin, pinagtitibay ito ng pag-aaral ni Peralta (2023), na nagsasaad na ang kontekstwalisadong kagamitan ay nagpapataas ng intrinsic motivation ng mga mag-aaral, na isang mahalagang salik sa epektibong pagkatuto.

Samakatuwid, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa ay hindi lamang estratehiyang panturo kundi isang makabuluhang interbensiyong pedagogikal na nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa.

*Ikalawang Bahagi: Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-Aaral sa Ikapitong Baitang na Hindi Ginamitan ng mga Lokalisado at Kontekstwalisadong Materyales sa Pagbasa*

**Paunang Pagsusulit (kontrol)**

| Score Range | N | % (Population) | Mean Score | Mean Percentage | Mean Rate | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 - 30 | 1 | 7% | | | | |
| 11 - 20 | 12 | 86% | 14.93 | 37.33% | 1.37 | ***Frustration Level*** |
| 0 - 10 | 1 | 7% | | | | |

**Panapos na Pagsusulit (kontrol)**

| Score Range | N | % (Population) | Mean Score | Mean Percentage | Mean Rate | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 - 30 | 1 | 7% | | | | |
| 11 - 20 | 11 | 79% | 14.29 | 35.73% | 1.35 | ***Frustration Level*** |
| 0 - 10 | 2 | 14% | | | | |

*Legend*

| ***Score Range*** | ***Rating*** | ***Range (Mean)*** | ***Percentage*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|
| *32 – 40* | *3* | *2.34 – 3.00* | *80% - 100%* | *Independent* |
| *24 – 31* | *2* | *1.67 – 2.33* | *59% - 79%* | *Instructional* |
| *0 – 23* | *1* | *1.00 – 1.66* | *58% - Below* | *Frustration* |

*Talahanayan 4. Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang na hindi gamitan ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa.*

Makikita sa Talahanayan 4 na bago ang interbensyon, ang kontrol na pangkat ay may mean score na 14.93, na nasa Frustration Level. Karamihan sa mga mag-aaral (86%) ay nakapagtala ng iskor na 11–20, na nagpapahiwatig na mayroon silang batayang kaalaman sa pagbasa, ngunit hindi pa ito sapat upang maabot ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa panapos na pagsusulit naman ay bumaba nang bahagya ang mean score sa 14.29, na may mean rate na 1.35, na nanatiling nasa Frustration Level. Ipinapakita nito na walang positibong pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang pagtuturo gamit ang tradisyonal o karaniwang babasahin.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang karaniwang materyales sa pagbasa ay hindi nagdulot ng sapat na pagbabago sa antas ng pag-unawa sa binasa. Ang kakulangan ng kaugnayan ng mga ginamit na materyales sa aktwal na karanasan, wika, at kultura ng mga mag-aaral ay maaaring dahilan kung bakit hindi napanatili o napabuti ang kanilang pag-unawa. Dahil dito, makikita na ang tradisyonal na mga teksbuk o karaniwang babasahin ay hindi sapat upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa, lalo na para sa mga mag-aaral na nasa Frustration Level.

Ang kinalabasang ito ay maaaring maiugnay sa kakulangan ng koneksyon sa pagitan ng teksto at ng karanasan ng mga mag-aaral. Ayon sa mga pag-aaral ni Tan (2022), ang mga tekstong nakaugat sa lokal na kultura at karanasan ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng *engagement* at *retention* ng impormasyon. Ang kabaligtarang resulta sa kontrol na pangkat ay nagpapahiwatig na ang kawalan ng kontekstwalisasyon ay nagiging hadlang sa pagbuo ng makabuluhang pag-unawa.
Dagdag pa rito, pinagtitibay ito ng obserbasyon ni Mede (2024) na ang mababang antas ng kontekstwalisasyon ng mga tekstong ginagamit sa paaralan ay nagreresulta sa limitadong pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa. Sa ganitong konteksto, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapakita na ang tradisyonal na mga materyales ay hindi tumutugon sa pangangailangang kognitibo at sosyo-kultural ng mga mag-aaral.

Dahil dito, maituturing na ang kawalan ng makabuluhang pagbabago sa kontrol na pangkat ay higit pang nagpapatibay sa kahalagahan ng paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong materyales bilang isang epektibong dulog sa pagtuturo ng pagbasa.

Mahalagang bigyang-pansin ang naging epekto nito sa motibasyon at ugali ng mga mag-aaral. Maaaring hindi naging sapat ang interes na makahikayat sa kanila ang mga materyales, kaya't hindi rin naging makabuluhan ang kanilang pag-unlad. Sa ganitong kalagayan, ang paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong mga materyales ay nagiging makabuluhang tugon upang mapataas ang antas ng pag-unawa at interes sa pagbasa.

*Ikatlong Bahagi: Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Binasa.*

**Paired Samples Test (Eksperimental)**

**Paired Differences**

| | | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference | | t | df | Sig. (2-tailed) | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Lower | Upper | | | | |
| Pair 1 | Paunang Pagsusulit – Panapos na Pagsusulit | -14.66000 | 4.87481 | 1.30285 | -17.47000 | -11.85000 | -11.250 | 13 | 0.000 | ***Significant*** |

**Paired Samples Test (Kontrol)**

**Paired Differences**

| | | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference | | t | df | Sig. (2-tailed) | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Lower | Upper | | | | |
| Pair 2 | Paunang Pagsusulit – Panapos na Pagsusulit | 0.64000 | 0.61573 | 0.16456 | -0.28000 | 0.43000 | 0.434 | 13 | 0.671 | ***Not Significant*** |

**Paired Samples Test (Pre - Test)**

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

**Paired Differences**

| | | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference Lower | Upper | t | df | Sig. (2-tailed) | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pair 3 | Paunang Pagsusulit – Paunang Pagsusulit | 0.14286 | 0.66299 | 0.17719 | -0.23994 | 0.52566 | 0.806 | 13 | 0.435 | ***Not Significant*** |

**Paired Samples Test (Post - Test)**

**Paired Differences**

| | | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference Lower | Upper | t | df | Sig. (2-tailed) | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pair 4 | Panapos na Pagsusulit – Panapos na Pagsusulit | 1.50000 | 0.65044 | 0.17384 | 1.12445 | 1.87555 | 8.629 | 13 | 0.000 | ***Significant*** |

*Talahanayan 5. Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa*

Upang masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na ginamitan at hindi ginamitan ng lokalisado at kontekstwalisadong materyales, isinagawa ang *paired samples test* para sa eksperimental at kontrol na pangkat.

Makikita sa Talahanayan 5 na mas mataas ang naging pagtaas ng *mean score* ng eksperimental na pangkat kumpara sa kontrol na pangkat. Batay sa resulta ng *Paired Samples Test* para sa eksperimental na pangkat, lumabas na ang mean difference sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit ay -14.66000 na may standard deviation na 4.87481. Ang t-value ay -11.25 at ang p-value ay 0.000, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagtaas *(significant)* sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa matapos ang interbensyon. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral na gumamit ng lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa ay nagpakita ng malaki at makabuluhang pag-unlad sa kanilang pag-unawa sa binasa.

Samantala, sa kontrol na pangkat naman, ang mean difference ay 0.64000 lamang na may t-value na 0.434 at p-value na 0.671. Ipinapakita nito na walang makabuluhang pagbabago *(not significant)* sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na hindi gumamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong materyales.

Upang matiyak ang baseline o panimulang kasanayan ng dalawang pangkat, ikinumpara rin ang kanilang iskor sa paunang pagsusulit. Lumabas na ang mean difference ay 0.14286, t-value na 0.806, at p-value na 0.435, na nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba *(not significant)* ang eksperimental at kontrol na pangkat bago ang interbensyon. Ibig sabihin, halos magkapareho ang kanilang kasanayan sa simula pa lamang ng pag-aaral.

Sa pagkukumpara ng panapos na pagsusulit ng dalawang pangkat, ang mean difference ay 1.50, t-value na 8.629, at p-value na 0.000. Ipinapakita nito na may makabuluhang pagkakaiba *(significant)* ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng eksperimental at kontrol na pangkat pagkatapos ng interbensyon. Nangangahulugan na tinatanggihan ang Null Hypothesis sapagkat mas mataas ang naging pag-unawa ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat kumpara sa kontrol na pangkat.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Pratama et al. (2022) at Fauzi et al. (2023), na kapwa nagpatunay na ang paggamit ng kontekstwalisado at kulturang pamilyar na mga tekstong pampagbasa ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin, pinagtitibay ito ng pag-aaral ni Okasha

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

(2020), na nagsasaad na ang mga estratehiya sa pagbasa ay nagiging higit na epektibo kapag ang teksto ay sumasalamin sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa ni Okasha (2020), ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ay nagiging mas mabisa kapag ang teksto ay may kaugnayan sa kultura at pang-araw-araw na buhay ng mag-aaral sapagkat dito sila nakabubuo ng makabuluhang koneksyon sa binabasa. Ipinapakita nito na ang lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa ay may mahalagang papel sa transpormatibong pagkatuto sapagkat nagiging salamin ito ng tunay na karanasan ng mga mag-aaral.

Kaugnay pa rito, ipinakita nina Muhammad at Haddix (2020**)** na ang paggamit ng *culture-based literary texts* at culturally responsive reading materials ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pagbasa at pag-unawa sapagkat higit na naiuugnay ng mga mag-aaral ang binabasa sa kanilang sariling karanasan at identidad. Samantala, ipinakita rin ni Duke at Cartwright (2021) na ang paggamit ng makabuluhang estratehiya at kontekstuwalisadong materyales ay nakapagpapataas ng antas ng pag-unawa sa binasa at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, pinatutunayan ng mga datos na ang paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa ay makabuluhan *(Significant)* sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Mas naging malawak at malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral na sumailalim sa ganitong uri ng interbensyon, kumpara sa mga gumamit lamang ng karaniwang materyales sa pagbasa.

## Konklusyon at Implikasyon

Batay sa isinagawang pananaliksik, natukoy ang kabisaan ng paggamit ng lokalisado at kontekstwalisadong tekstong pampagbasa sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Mataas na Pambansang Paaralan ng San Andres National High School. Napatunayan na ang paggamit nito sa pagbasa ay may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, ito'y hindi lamang nakatulong sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral kundi nagdulot din ng mas malalim na motibasyon at interes sa pagbabasa. Ang mga mag-aaral ay naging mas aktibo sa pagproseso ng impormasyon at mas naging interesado sa mga teksto dahil sa koneksyon ng mga materyales sa kanilang buhay at kultura. Samakatuwid, tinanggihan ng mananaliksik ang Null Hypothesis na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na ginamitan at hindi ginamitan ng lokalisado at kontekstwalisadong materyales sa pagbasa.

*Rekomendasyon*

Matapos ang isinagawang pag-aaral, buong pagpapakumbabang iminimungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa mga sumusunod:

1. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang pagbuo ng kagamitang panturo gamit ang lokalisado at kontekstuwalisadong materyales ay isang mahalagang hakbang upang mapabuti ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga materyales na sumasalamin sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral ay nakapagpapalalim ng kanilang koneksyon sa mga aralin. Kung ikaya't iminumungkahi ng mananaliksik ang paggawa ng pambansang patakaran na mag-uutos sa paggamit ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa lahat ng paaralan. Sa pagbuo ng nasabing polisiya, mainam na aktibong isali ang mga kinatawan ng asosasyon ng magulang at guro (PTA), mga samahang pangkomunidad, at mga lokal na organisasyon ng kultura o wika upang mapalakas ang suporta at pagtanggap para sa mga bagong materyales. Ang pagtutulungan ng mga stakeholder na ito ay magpapalalim sa kaugnayan ng materyales sa lokal na konteksto at magtitiyak ng representasyon ng boses ng komunidad sa polisiya. Ang kagawaran ay maaari ring magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro at magbigay ng mga gabay upang matiyak ang tamang implementasyon ng mga ganitong materyales sa pagtuturo ng pagbasa. Bukod dito, maaaring bumuo ng konsultatibong mekanismo na magpapahintulot sa regular na pag-uusap sa pagitan ng paaralan, magulang, at pamayanan upang masubaybayan ang epekto at pagtanggap ng mga lokal na materyales sa pagtuturo.

2. Ang napag-alaman sa isinagawang pag-aaral ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral na ginamitan ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagbasa. Nagpakita ng positibong epekto ang mga materyales na may kaugnayan sa lokal na kultura at karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Kaya dapat na isaalang-alang ang pagbuo at ang integrasyon ng mas maraming babasahing nakabatay sa lokal na kultura, wika, at karanasan ng mga mag-aaral. Ang kurikulum ay dapat maglaman ng mga akda at materyales na sumasalamin sa kasaysayan at kultura ng komunidad ng mga mag-aaral upang mapalalim ang kanilang koneksyon at pag-unawa sa mga tekstong binabasa.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

3. Batay sa obserbasyon at mga natuklasan ng mananaliksik, ang paggamit ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong materyales ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Ipinakita ng mga datos na ang mga mag-aaral na ginamitan ng mga materyales na may kaugnayan sa kanilang lokal na konteksto ay mas naging aktibo at mas interesado sa pagbabasa. Dahil sa mga positibong resulta mula sa paggamit ng lokalisadong materyales, inirerekomenda na gumamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong tekstong pampagbasa bilang bahagi ng kanilang regular na estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga lokal na materyales ay makatutulong upang gawing mas makulay at may kaugnayan ang mga aralin sa buhay ng mga mag-aaral.

4. Mula sa mga natuklasan, ang paggamit ng lokalisado at kontekstuwalisadong materyales ay may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, kaya't mahalaga ang pagsasagawa ng interbensyon. Katulad ng pagsasagawa ng mga pagsasanay o seminar-workshop hinggil sa pagbuo at paggamit ng kontekstuwalisadong materyales sa pagtuturo ng pagbasa. Ang mga seminar ay makatutulong upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga guro sa mga bagong estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo gamit ang mga lokal na materyales.

5. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nilimitahan ng maliit na bilang ng mga kalahok at maikling tagal ng interbensiyon, kaya maaaring hindi ganap na naipakita ang kabuuang epekto ng lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa mas malawak na populasyon ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa mas malaking populasyon, iba pang kasanayan sa pagbasa tulad ng bilis sa pagbasa, pagbigkas, at paglinang ng bokabularyo, gayundin ang mga salik na maaaring makaapekto sa resulta gaya ng antas ng motibasyon, kakayahan sa pag-aaral, at impluwensiya ng kapaligiran sa pagkatuto, ibang baitang, o ibang asignatura upang higit pang mapagtibay ang resulta ng pananaliksik. Maaaring isama ang mga asignaturang tulad ng kasaysayan, agham, o araling panlipunan upang suriin ang epekto ng lokalisasyon sa iba pang kasanayan sa wika at iba pang larangan ng pagkatuto. Inirerekomenda rin ang paggamit ng mas mahabang panahon ng implementasyon upang masukat ang pangmatagalang epekto ng lokalisado at kontekstuwalisadong materyales sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang isang long-term na pag-aaral ay makatutulong upang malaman kung ang mga benepisyo ng paggamit ng mga lokal na materyales ay nagpapatuloy at nagiging mas epektibo sa paglipas ng panahon.

## Pasasalamat

Hindi makakamit ng mananaliksik ang tagumpay sa isinagawang pag-aaral kung wala ang patnubay ng mga mahahalagang tao na nagbigay ng malaking tulong sa pamamagitan ng simpleng pagkilala. Sana ay madama nila ang taos-pusong pasasalamat ng mananaliksik.

Una sa lahat, sa Amang Diyos, na siyang gumabay, nagbigay ng kaalaman at tulong upang mapagtagumpayan ang lahat ng pagsubok.

Sa pamantasang Marinduque State University, na naging tulay upang maipagpatuloy ang pagpapalago at pagpapalawak ng kaalaman sa edukasyon.

Sa kolehiyong Quezonian Educational College, Inc., na naging katuwang ng MarSU upang maisakatuparan ang kalidad ng edukasyon.

Sa aking mga Magulang at Malapit na Kamag-anak, na walang sawang sumusuporta, nagpapayo at nagbibigay ng lakas ng loob upang maipagpatuloy ang pag-aaral.

Kay Dr. Leodegario M. Jalos, Jr., tagapayo ng mananaliksik, sa kanyang walang sawang paglalaan ng panahon sa pagwawasto ng bawat bahagi ng pananaliksik upang masigurado ang kaayusan ng kabuuan.

Kay Dr. Rizalie M. Lim, Dekana ng Ekstensyon ng mga Gradwadong Pag-aaral sa Quezonian Educational College, Inc., sa paggabay at pangaral na siyang nakatulong sa mananaliksik.

Kay Dr. Diosdado P. Zulueta, na siyang naging tagapangulong lupon ng mga tagasuri at buong tiyagang inaral at nagbigay ng payo sa mga kakulangan at kinakailangan ng mananaliksik.

Kina Dr. Walter F. Galarosa at Dr. Annalyn J. Decena, na naging kagawad ng lupon ng mga tagasuri at buong tiyagang inaral at nagbigay-payo sa mga kakulangan ng mananaliksik.

Kay Bb. Maria Teresa C. Chavez, na buong husay na tumulong at nagturo upang isagawa ang kinakailangang pamamaraang estadistika.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Kay Bb. Cristina S. Atienza, na buong tiyagang binasa, itinama at ginabayan ang mananaliksik sa pagbuo ng pananaliksik at upang iwasto ang mga kinakailangan.

Kay Bb. Annie M. Ruiz, na nagbigay nang buong husay upang higit na maging balido ang buong papel na pananaliksik.

Sa mga mag-aaral na kalahok, na dahilan upang maging makabuluhan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagkuha ng mga datos.

Sa namamahala ng aklatan, sa pagbibigay ng pahintulot na magamit ang kanilang mga aklat upang mapagkunan ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral.

## Pondo

Ang pananaliksik na ito ay hindi tumanggap ng anumang pondo mula sa alinmang pampubliko, komersiyal, o hindi pangkalakal na ahensiyang tagapagpondo, at walang anumang organisasyong nagbigay ng suportang pinansyal para sa pagsasagawa ng pag-aaral, pag-aakda, o publikasyon ng artikulong ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Ang pagbabahagi ng datos ay maaaring ipagkaloob sa pamamagitan ng pormal na kahilingan sa may-akda.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

## Mga Sanggunian

Abad, D. J. V. (2020). *Designing a contextualized and culture-based reading material for indigenous learners.* PalArch's Journal of Archaeology of Egypt / Egyptology, 17(1), 153–163. https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/1024

Abaigar, B. R., Galit, G. C. & Balderian, A. L. (2025). *Eksplorasyon sa Kakayahan at Salik sa Komprehensiyon ng Pagbasa sa Filipino*. International Journal of Arts 6(2), pp. 72-92. https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681

Acedillo, N. B. (2023). Improving the reading comprehension skills of Grade 5 pupils through contextualized learning materials: A school-based research. *International Journal of Scientific and Research Publications, 13*(3), 380–392. https://doi.org/10.29322/IJSRP.13.03.2023.p13545

Ahmed, S. (2024). *Localized and translated reading materials in English instruction: Effects on vocabulary and reading fluency among secondary students in Cairo.* Journal of Language and Literacy Studies, 12(2), 45–59. https://doi.org/10.1016/j.jlls.2024.03.004

Al-khresheh, M. H. (2024). The role of presentation-based activities in enhancing speaking proficiency among Saudi EFL students: A quasi-experimental study. *Acta Psychologica, 245*, 104159. https://doi.org/10.1016/j.actpsy.2024.104159

Ambayon, E. C. (2023). Contextualized instruction and learners' reading comprehension in Philippine basic education. *International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, 6*(4), 1452–1461. https://doi.org/10.47191/ijmra/v6-i4-21

Anderson, R. C. (1984). Role of the reader's schema in comprehension, learning, and memory. In R. C. Anderson, J. Osborn, & R. J. Tierney (Eds.), *Learning to read in American schools: Basal readers and content texts* (pp. 243–257). Lawrence Erlbaum Associates.

Angeles, J. A., Manaig, K. A., Sapin, S. B., Yazon, A. D. & Tesoro, J. F. (2020). *Effectiveness of Localized Reading Activity Sheets in Enhancing the Reading Skills of Grade 1 Learners A Quasi-Experimental Research Design*. International Journal of Theory and Application in Elementary and Secondary School Education 4(2), pp. 1-10. https://doi.org/10.31098/ijtaese.v4i2.1087

Aquino, M. T., & Ramos, J. P. (2023). *Epekto ng lokal na kwento sa pag-unlad ng kasanayan sa pag-unawa sa mga mag-aaral ng ika-11 baitang. Journal of Filipino Education*, 15(1), 45–59.

Ashirova, X., & Mamatkulova, F. (2024). *Applying different teaching methods for enhancing the reading skills of elementary learners*. O'zbekiston davlat jahon tillari universiteti konferensiyalari, 155–160.

Ayog, J. T. & Oliva, E. R. (2023). *Writing Competency and Student Participation in Filipino Class: The Mediating Effect of Reading Strategy*. Asian Journal of Education and Social Studies 49(4), pp. 84-94. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i41190

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Bangen, R. & Kambo, M. (2023). Grade 7 Learners' Performance in Five Macro Communication Skills in English. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 13*(7), 671-685. https://doi.org/10.5281/zenodo.8359030

Barrett, T. C. (1976). *Taxonomy of reading comprehension*. Allyn & Bacon.

Barrot, J. S. (2020). Current principles and concepts in the teaching of macroskills. *Journal of Advanced Studies in Teaching and Learning, 6*, 53–90.

Berns, R. G., & Erickson, P. M. (2021). *Contextual teaching and learning: Preparing students for the new economy*. National Dissemination Center for Career and Technical Education.

Bonganciso, R. T. (2025). Effects of contextualization on the reading comprehension performance of Filipino learners. *Asia Pacific Higher Education Research Journal.* https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/202

Concepcion-Rubas, R. E. (2024). *Reading Attitudes, Interests, Habits, and Material Preferences of Junior High School Learners towards the Development of Strategic Intervention Materials*. International Journal of Research and Innovation in Social Science. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.803337S

Department of Education. (2016). *Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 basic education program* (DepEd Order No. 42, s. 2016). Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2016/06/DO_s2016_042.pdf

Department of Education. (2017). *Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 basic education program* (DepEd Order No. 42, s. 2016). Department of Education, Philippines. https://www.deped.gov.ph/wp content/uploads/2016/06/DO_s2016_042.pdf

Dela Cruz, J. M. (2022). *Paggamit ng lokal na panitikan sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa sa sekondarya.* Dalumat: Journal of Filipino Education, 6(3), 77–94.

DepEd Order No. 025, s. 2023: *Guidelines on the Procurement and Quality Assurance of Textbooks and Teacher's Manuals*.

Dequito, E. E., & Uy, M. A. (2023). Active listening: Its impact on language learning and understanding of education students. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*.

DO 024, S. 2023 – Guidelines on the Provision of Supplementary Learning Resources for Public School Libraries and Library Hubs | Department of Education https://www.deped.gov.ph/2023/09/19/september-19-2023-do-024-s-2023-guidelines-on-the-provision-of-supplementary-learning-resources-for-public-school-libraries-and-library-hubs/

Dohinog, J. T., Aniñon, C., Gornez, I. B., Pagador, A. F., Garupa, M. J., Pocong, G. M., Bolo, C. C., Deniega, L. M., Sitones, J. B., Ducanes, R. J., Lai, J. A., Pescante, R. S., Temple, E. C. & Cabello, C. A. (2025). *Utilization of Contextualized Instructional Materials in Education: A Systematic Review*. Psych Educ. https://doi.org/10.70838/pemj.440203

Deluao, C. J., Joy, D., Bernal, E., & Be, J. (2022). *Improving the reading comprehension of Grade 8 learners using 4Rs (Read, Retell, React, Reflect) strategy*. International Journal of Humanities, Arts and Social Sciences, 7(2).

Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: Communicating advances beyond the simple view of reading. *Reading Research Quarterly, 56*(S1), S25–S44. https://doi.org/10.1002/rrq.411

Elleman, A. M., & Oslund, E. L. (2019). Reading comprehension research: Implications for practice and policy. *Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences, 6*(1), 3–11. https://doi.org/10.1177/2372732218816339

Fauzi, I., Rahman, A., & Sari, D. P. (2023). Enhancing students' reading comprehension through picture-series narrative texts based on local culture. *Journal of Language and Education, 9*(2), 115–128. https://doi.org/10.17323/jle.2023.14567

Fisher, D., & Frey, N. (2021). *Literacy 2.0: Reading and writing in the digital age* (2nd ed.). Corwin Press.

Fisher, D., & Frey, N. (2022). *The teacher clarity playbook, grades K–12: A hands-on guide to creating learning intentions and success criteria for organized, effective instruction*. Corwin Press.

Galang, M. L. (2024). *Repeated reading of researcher-made localized materials: Effects on reading fluency and comprehension of secondary learners.* Journal of Literacy and Language Studies, 10(2), 55–70.

Goodman, K. S. (1967). Reading: A psycholinguistic guessing game. *Journal of the Reading Specialist, 6*(4), 126–135. https://doi.org/10.1080/19388076709556976

Goodman, K. S. (1970). Behind the eye: What happens in reading. In K. S. Goodman & O. S. Niles (Eds.), *Reading: Process and program* (pp. 470–496). National Council of Teachers of English.

Gough, P. B. (1972). One second of reading. In J. F. Kavanagh & I. G. Mattingly (Eds.), *Language by ear and by eye: The relationships between speech and reading* (pp. 331–358). MIT Press.

Hull, G. A. (1995). *Changing work, changing workers: Critical perspectives on language, literacy, and skills*. State University of New York Press.

Johnson, E. B. (2002). *Contextual teaching and learning: What it is and why it's here to stay*. Corwin Press.

Juayong-Caldoza, J. M. O., & Ortega-Dela Cruz, R. A. (2023). Factors affecting the development of productive macro skills in English among junior high school students. *Social Sciences and Education Research Review, 10*(2), 39–48. https://doi.org/10.5281/zenodo.15254224

*K TO 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM FOR THE ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM (ALS-K TO 12)*. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/LS-1-Comm-Skills-Filipino.pdf

Krashen, S. D. (2020). *The power of reading: Insights from the research* (3rd ed.). Libraries Unlimited.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Kim, J., Snow, C. E., & Park, S. (2023). Digital reading engagement and comprehension: The role of contextually relevant texts in adolescent literacy. *Reading Research Quarterly, 58*(4), 611–629. https://doi.org/10.1002/rrq.512

Kintsch, W. (1998). *Comprehension: A paradigm for cognition*. Cambridge University Press.

Kwon, Y. J. (2022). *Contextualized reading instruction and comprehension improvement in South Korean secondary schools.* Asian Journal of Educational Research, 9(4), 101–116.

Lagdaan, R. M. & Sevilla, N. B. (2025). *The Effectiveness of Reading Comprehension Strategies in Enhancing Literacy Skills of Junior High School Students in The Philippines: A Systematic Review*. Research and Analysis Journal 808, pp. 21-28. https://doi.org/10.18535/raj.v8i08.560

Lapatha, L. A. & Cuajao, J. (2024). *Pagtatasa sa Paggamit ng KonteksFil sa Pagtuturo ng Filipino 11 ng Marigondon National High School, Lapu-lapu city, Cebu*. UB Advancing Filipino Research Journal 1(1), pp. 1-10. https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.201

Li, H. (2022). *Integrating localized reading materials to improve student engagement in secondary classrooms.* Chinese Journal of Language Teaching, 18(2), 134–147.

Ligpitan, N. M., Pasilan, M. M., Tolentino, A. M. & Hipolito, Y. E. (2025). *Improving Grade 5 Learners' Reading Comprehension Skills through TechPlay Fusion Strategy*. Southeast Asian Journal of Agriculture and Allied Sciences. https://doi.org/10.63943/sajaas.vol4iss1art33pp1-12

Magahis, H. L. (2024). *Modelong 4K: Isang Makabayang Edukasyong Panteknolohiyang Modelo*. PUP Education Review 9. https://doi.org/10.70922/xs34d707

Manigbas, J. I., Ollet, A. L., Noble, M. P. L., Angeles, J. R., Cayetano, N. M., & Fucio, M. P. (2024). Teachers' competency in content knowledge and pedagogy in Buhi South District, Philippines. *International Education Trend Issues, 2*(1), 21–30. https://doi.org/10.56442/ieti.v2i1.365

Mede, J. (2024). Pagbubuo ng kontekstuwalisadong kagamitan sa pagbasa. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(2), 19–30. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24802

Muhammad, G. E. (2020). *Cultivating genius: An equity framework for culturally and historically responsive literacy*. Scholastic Inc.

Muhammad, G. E., & Haddix, M. (2020). Centering Blackness in literacy instruction: A culturally responsive approach. *The Reading Teacher, 74*(3), 307–315. https://doi.org/10.1002/trtr.1948

Navarro, L. C., & Lopez, A. B. (2020). Localized reading materials in enhancing student comprehension in public secondary schools. *Asian Journal of Language and Literacy Studies*, 8(1), 23–38.

Niala, R. C. (2024). *Project E-Localized: Enhancing reading comprehension through localized digital reading materials.* Philippine Journal of Educational Technology, 14(2), 25–40.

Novita, D., Sari, R. P., & Yuliana, M. (2023). Metacognitive strategy training with culturally familiar texts: Effects on reading comprehension of EFL pre-service teachers. *TESOL International Journal, 18*(1), 55–72. https://doi.org/10.5555/tij.2023.18104

Nuraini, A. (2023). *Contextualized reading texts and student motivation: An experimental study in Indonesian junior high schools.* Indonesian Journal of Language and Literacy, 6(3), 90–104. https://doi.org/10.31002/ijll.v6i3.789

Okasha, M. A. (2020). Using reading strategies to develop EFL learners' reading comprehension skills. *International Journal of Instruction, 13*(2), 621–636. https://doi.org/10.29333/iji.2020.13243a

Peralta, A. G. (2023). *Teacher competencies in developing contextualized learning materials in the K to 12 curriculum.* Asia Pacific Journal of Teacher Education, 51(1), 65–79.

Piaget, J. (1952). *The origins of intelligence in children* (M. Cook, Trans.). International Universities Press. (Original work published 1936)

Piaget, J. (1972). *The psychology of the child* (H. Weaver, Trans.). Basic Books.

Piper, B., Sitabkhan, Y., Mejia, J., & Betts, K. (2023). Scaling up structured pedagogy in Kenya: Impacts on literacy outcomes in rural primary schools. *International Journal of Educational Development, 96*, 102689. https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2022.102689

Pham, T. D. K., & Le, T. N. D. (2025). Listening comprehension in English language learning: Challenges, strategies, and students' attitudes at a private university. *International Journal of Language Instruction, 4*(3), 22–40. https://doi.org/10.54855/ijli.25432

Pratama, H., Azizah, N., & Widodo, A. (2022). Contextual reading materials and students' reading comprehension: The role of culturally relevant texts in improving literacy skills. *International Journal of Instruction, 15*(3), 455–472. https://doi.org/10.29333/iji.2022.15325a

Pregoner, J. D. (2025). Macro skills and communicative competence of senior high school students. *IMCC Journal of Science, Innovation and Technology, 9*(1). https://doi.org/10.65931/v9n1k4x7SALEE: Study of Applied Linguistics and English Education 5(1), pp. 1-10. https://doi.org/10.35961/salee.v5i1.1097

Pressley, M., & Afflerbach, P. (1995). *Verbal protocols of reading: The nature of constructively responsive reading*. Erlbaum.

Rafael, S. D., & Tamban, V. E. (2022). Effectiveness of localized English reading materials in enhancing the reading skills of the Grade two pupils. *Journal of English as a Foreign Language Teaching and Research, 2*(2), 67–77. https://doi.org/10.31098/jefltr.v2i2.1126

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Reyes, F. S., & Castillo, M. R. (2021). Challenges in reading comprehension among Filipino senior high school students. *Education Quarterly*, 13(4), 112–126.

Reyes, R. C. (2024). *Panonood ng Maria Clara at Ibarra: Istratehiya sa Pagpapalawak ng Pag-unawa ng Mag-aaral sa Akdang Noli Me Tangere*. DepEd Division of San Jose City. https://region3.deped.gov.ph/sanjose/panonood-ng-maria-clara-at-ibarra-istratehiya-sa-pagpapalaw...

Ricohermoso, M. E. (2025). *Antas ng Kasanayan sa Pagkilala at Pagsulat sa Teksto: Batayan sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat*. Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences 17, pp. 306-331. https://doi.org/10.5281/zenodo.16873331

Rosenblatt, L. M. (1994). *The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work*. Southern Illinois University Press.

Rumelhart, D. E. (1980). Schemata: The building blocks of cognition. In R. J. Spiro, B. C. Bruce, & W. F. Brewer (Eds.), *Theoretical issues in reading comprehension* (pp. 33–58). Lawrence Erlbaum Associates.

Smith, F. (2004). *Understanding reading: A psycholinguistic analysis of reading and learning to read* (6th ed.). Lawrence Erlbaum Associates.

Santos, D. R. (2021). *Culturally relevant reading materials and critical comprehension among Brazilian secondary students.* Journal of Multicultural Education, 9(3), 201–216.

Snow, C. E. (2002). *Reading for understanding: Toward an R&D program in reading comprehension*. RAND Corporation.

Tan, H. W. (2022). *Integration of local literature in reading classes and its effect on analytical reading skills.* Malaysian Journal of Language Education, 5(2), 88–103.

Tolete, H. E. & Zamora, N. C. (2023). *Pagtataya ng Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Junior High School: Batayan sa Pagbuo ng Mapa ng Pag-unlad ng Pagkatuto*. International Multilingual Journal of Science and Technology 8(10), pp. 1-12. https://doi.org/10.29109/imjst.v8i10.29120941

Tracey, D. H., & Morrow, L. M. (2020). *Lenses on reading: An introduction to theories and models* (3rd ed.). Guilford Press.

van Dijk, T. A., & Kintsch, W. (1983). *Strategies of discourse comprehension*. Academic Press.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes*. Cambridge, MA: Harvard University Press.

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*